Makipag-usap nang isahan sa mga taong nakakaunawa ng inyong mga pangangailangan.

Ang mga tauhan ng Direct2Care ay may karanasan sa pagsuporta na makikipag-usap sa inyo nang isahan at tutulong na magplano kung ano ang tama para sa inyo. Kokontakin nila ang mga serbisyong kailangan ninyo, na pagkatapos ay kokontak sa inyo.

Tumutulong sa mga nakatatandang Australiano na mabuhay nang mas ganap at higit na independiyente.

Ang Direct2Care ay nakalaan upang tumulong sa nakatatandang mga mamamayan ng Victoria na makahanap at makakuha ng mga serbisyong kailangan nila upang mabuhay nang mas ganap at higit na independiyente sa pamilyar na mga kapaligiran ng kanilang sariling mga tahanan.

Iyan ay magandang balita hindi lamang para sa mga gumagamit ng mga serbisyo, ngunit gayundin para sa kanilang mga tagapag-alaga, kabilang ang pamilya at mga kaibigan na nangangailangan ng karagdagang tulong.

Maaari din kayong bumisita sa aming mga tanggapan sa:

Knox O-Zone (above Centrelink)
Nivel 1, Oficina 3034
2 Capital City Boulevard

Ballarat:
907 Sturt Street

Ang mga Serbisyo para sa Nakatatanda na maaaring makuha sa pamamagitan ng Direct2Care

Maaari kayong ikonekta ng Direct2Care sa ilan sa mga serbisyong maaari ninyong makuha sa inyong lokal na lugar katulad ng:

- Tulong sa paglilinis o pagpapanatiling maayos ng bahay
- Tulong sa paliligo at pagsusuot ng damit
- Pag-aalaga (pangkomunidad na pag-aalaga, pag-aalaga sa bahay)
- Kaalyadong mga serbisyong pangkalusugan (pisiyoterapi, podiyatri, dietetiks, atbp)
- Mga serbisyo sa pagkain ('meals on wheels' o inihahatid na mga pagkain at mga pagkaing nakabase sa sentro)
- Mga organisadong grupo na may mga gawaing nagbibigay ng panlipunang suporta
- Tulong sa batayang pagmamantina ng bahay
- Mga serbisyo para sa pamamahinga
- Mga serbisyong ibinibigay ng mga boluntaryo ukol sa mapagkaibigang pagbisita / pangsasakyan
- Suporta para sa mga tagapag-alaga ng mga taong may demensya
- Mga programa ng pag-iwas sa pagbuwal o pagtumba
- Serbisyo para sa pangangalaga ng mata
- Mga serbisyo ng pagtataguyod
- Panukalang tulong para sa Kawalan ng Pagpigil o tinatawag na 'Continence'

Kung nais ninyong makatanggap ng publikasyong ito sa format na madaling makuha, mangyari lamang na tumawag sa 9096 9977 sa pamamagitan ng National Relay Service sa 13 36 77 kung kinakailangan, o magpadala ng email kay christine.adams@dhs.vic.gov.au

Ang dokumentong ito ay maaari ding makuha sa pdf format sa pamamagitan ng internet sa:
www.health.vic.gov.au/agedcare

Australian Government
Department of Health and Ageing

Victoria
The Place To Be

Authorised by the Victorian Government, Melbourne.
Printed by Soverign Press, 6 Traminer Court, Wendouree.
October 2008 (0230908)

KAILANGAN NG SUPORTA PARA SA PANGANGALAGA SA NAKATATANDA SA TAHANAN?

TUTULUNGAN NAMIN KAYONG MAKAKONEKTA SA MGA SERBISYONG KAILANGAN NINYO.

Direct2Care
One-to-one aged care advice

1300 121 121

PAGPAPAKILALA SA Direct2Care

Hindi tiyak kung ano ang umiiral na mga serbisyo para sa pangangalaga ng nakatatanda? Hindi tiyak kung ano ang mga serbisyong maaaring ninyong makuha? Marahil ay alam ninyo, ngunit hindi alam kung saan ito makikita.

Ngayon ay maaari na kayong kumontak sa Direct2Care.

Bilang isang bagong serbisyo mula sa mga Pamahalaan ng Australia at Victoria, ang Direct2Care ay maaaring magbigay sa inyo ng pagpapayo ukol sa mga lokal na serbisyo para sa pangangalaga sa nakatatanda na maaaring kailanganin ninyo upang tumulong na kayo ay makapanatili sa inyong tahanan at isasaayos nila na kayo ay makakontak sa kanila. Kabilang sa mga serbisyong ito ang anumang bagay mula sa tulong sa bahay at 'meals-on-wheels' hanggang sa pisiyo at pamamahinga.

Unang halimbawa

Matapos na ang kaniyang matandang independiyenteng ina na si Maud ay natumba habang naglilinis gamit ang vacuum, napag-isip-isip ni Louise kung panahon na upang si Maud ay magpunta sa isang nursing home. Kinontak niya ang Direct2Care upang talakayin ang sitwasyon.

Matapos makausap si Maud, inorganisa ng Direct2Care ang pangkat ng pagtatasa ng Pangangalagang Pantahanan at Pangkomunidad ng lokal na konseho na bumisita at talakayin ang kaniyang sitwasyon. Nakipagtulungan sila na gawing madali ang ilang mga mahihirap na gawaing bahay para sa kaniya at baguhin ang ilan sa kaniyang mga kagamitan.

Isinaayos nila na magpunta si Maud sa isang grupong pangsosyalan na regular na nagkikita, kung saan siya ay maaari ding makilahok sa pagsasanay upang maging malakas. Inorganisa ng Direct2Care na siya ay maki-lahok sa programa ng pag-iwas sa pagtumba sa lokal na Pangkomuni-dad na Serbis-yong Pangkalu-sugan. Bilang resulta nito, si Maud ay nagkaroon ng kakayahang manatiling independiyente.

Ikalawang halimbawa

Matapos makausap ni Robert ang kaniyang na-katatandang kapitbahay na si Bill, napag-alaman niya na simula nang sumakabilang buhay ang asawa nito, nahirapan na itong magluto para sa kaniyang sarili at bumaba ang kaniyang timbang. Iminung-kahi ni Robert na sila ni Bill ay dumalaw sa sentro ng Direct2Care. Sa pakikipag-usap kay Bill, nalaman din ng kawani ng Direct2Care na siya ay natumba na nang dalawang beses matapos na makaramdam ng pagkahilo.

Iminungkahi ng Direct2Care na si Bill ay pumailalim sa kumpletong medikal na tsek-up. Isinaayos din nila para kay Bill na bumisita sa Pangkomunidad na Serbisyong Pangkalusugan at makipag-usap sa diyetisyan ukol sa mga paraan upang siya ay matuto ng ilang mga kasanayan sa pagluluto. Iniugnay ng Direct2Care si Bill sa mga programa ukol sa pag-iwas sa mga pagtumba at sa isang lokal na grupo ng paglalakad, kung saan siya ay maaaring makakilala ng mga bagong kaibigan.

Ikatlong halimbawa

Si Harold ay nahihirapan sa pag-aalaga ng kaniyang asawang si Sally na mahina na at nakatira sa bahay. Siya ay naging pagala-gala at nagkaroon na rin ng mga problema sa pagpigil o pagiging inkontinente. Ang sariling kalusugan ni Harold ay hindi na rin maganda at siya ay naguguluhan sa kaniyang kalagayan at nakaramdam na kasalanan niya na hindi na niya kayang alagaan ang kaniyang asawa. Siya ay kumontak sa Direct2Care.

Matapos na makausap si Harold, isinaayos ng Direct2Care na dalawin ng Pangkat para sa Pagtatasa ng Pangangalaga para sa Nakatatanda (Aged Care Assessment Team) ang mag-asawang Harold at Sally at kausapin sila tungkol sa mga opsyon para sa pag-aalaga kay Sally. Napag-alaman ng Direct2Care na si Harold ay mahilig maglaro ng chess, ngunit hindi nakapaglaro ng ilang mga panahon. Si Harold ay iniugnay sa isang lokal na grupo ng chess.

Isang tawag lamang ang kailangan.

Maaari kayong dumirekta sa Direct2Care sa pamamagitan lamang ng isang tawag. Kung kailangan ninyo ng mga serbisyo para sa pangangalaga sa nakatatanda at hindi alam kung saan matatagpuan ang mga ito, tumawag lamang sa **1300 121 121**. Maaari ding kayong bumisita sa aming mga tanggapan sa Knox O-Zone Shopping Centre, Wantirna South o 907 Sturt Street, Ballarat.